

Rebyu

Dexter Santos (direktor at koreograpo), Ceejay Javier (musika), at Floy Quintos (manunulat) (2014). *Ang Nawalang Kapatid* [Dulang musikal]. Quezon City: Dulaang Unibersidad ng Pilipinas.

ANG NAWALANG KAPATID: ANG LOOB NG ISANG PINUNO

Amihan Bonifacio-Ramolete

Department of Speech Communication and Theater Arts
University of the Philippines (UP), Diliman, Quezon City

Sa ika-38 na *Theater Season* ng Dulaang Unibersidad ng Pilipinas (DUP) ay itinanghal *Ang Nawalang Kapatid* mula ika-5 hanggang ika-23 ng Pebrero 2014 sa Wilfrido Ma. Guerrero Theater. Ito ay isang musikal na sinulat ni Floy Quintos, musika ni Ceejay Javier at sa direksiyon at koreograpiya ni Dexter M. Santos.

Ang Nawalang Kapatid ay hango sa isa sa dalawang pinakamahalagang epiko ng India, ang *Mahabharata*, na nagsasalaysay ng dakilang giyera sa pagitan ng mga pamilyang Pandava at Kaurava dahil sa pagkatalo sa laro ng pustahan. Bahagi rin ng kuwento ang mga aral mula sa *Bhagavad Gita*, isang banal na kasulatan, na nagsasaad ng mga aral ukol sa buhay at pamumuhay.

UNANG YUGTO

Nagsimula ang dula sa pagpapakilala sa mga tauhan ng kuwento nina Vyasa, ang Tagapagsalaysay, at Ganesh, isang diyos ng musika at Tagapagtala ng kuwento na may ulo ng elepante. Si Haring Pandu ay mahilig mangaso at nang makita ang nagtatalik na usa sa gubat ay kanya itong pinana. Isinumpa siya ng usa at sinabing kapag siya ay nakipagtalik sa kanyang asawang si Kunti ay mamamatay siya. Nagpasya si Haring Pandu na ipasa ang korona sa kanyang bulag na kapatid na si Dritarastra. Hiniling naman ni Reyna Kunti sa mga diyos na bigyan siya ng tatlong anak upang maging tagapagmana ng korona. Biniyayaan sila ng tatlong anak—sina Yudistira, Bhima at Arjuna. Bilang pakikiisa sa pagiging bulag ni Haring Dritarastra ay piniringan ni Reyna Ghandari ang kanyang mga mata. Nahabag ang mga diyos sa malaking sakripisyo ni Reyna Ghandari kung kaya't siya ay biniyayaan ng isang anak, si Duryodhana.

Noong kabataan ni Reyna Kunti ay hinamak niya si Kali, diyosa ng kamatayan, kung kaya't siya'y sinumpa na magka-anak sa diyos ng araw. Nang magkamalay ay nagulantang si Kunti sa katabing sanggol kung kaya't iniutos niya na patayin ang sanggol sa gubat. Nahabag ang mga katulong sa sanggol kung kaya't iniwan na lamang nila ito gubat. Ang sanggol ay natagpuan ni Hanuman, ang diyos ng mga tsonggo, at kanya itong inalagaan. Ang sanggol ay pinangalangang Karna.

Lumaki ang magpipinsang Duryodhana, Yudistira, Bhima at Arjuna. Sila ay sinanay ni Poong Krishna at mandirigmang si Drona. Si Karna naman ay sinanay din ni Hanuman sa gubat at binilalang sundin ang kanyang *dharma* o daang sinusundan at katungkulan. Pinapunta siya ni Hanuman sa kaharian ng Kaurava kung saan ang unang makikilala niya ang tutulong para makamit ang kanyang *dharma*.

Nasalubong ni Karna si Duryodhana patungo sa kaharian. Hinamon si Karna sa labanan subalit natalo niya si Duryodhana. Nang dumating sila sa paligsahan ay ipinakilala ni Duryodhana si Karna bilang kanyang kapatid na siyang lalaban kay Arjuna. Makikilala ni Kunti ang kanyang anak na si Karna subalit di niya ito sasabihin kay Pandu.

Dahil sa parehong lugar naasinta nina Arjuna at Karna ang ibon ay hiniling ni Draupadi na siya ang pumili ng kanyang kabiyak. Pinili ni Draupadi si Yudistira at ito ay ikinasama ng loob ni Duryodhana.

Upang makaganti ay hinikayat ni Ministro Shakuni si Duryodhana na yayain si Yudistira sa laro ng pustahan at hilingin ang lahat ng gusto nito. Sa bawat laro ay talo si Yudistira hanggang ang natira na lamang ay si Draupadi. Sa kagustuhang makapaghiganti ni Duryodhana ay iniutos niyang hubaran si Draupadi subalit namagitan si Krishna. Sa payo ni Karna ay ipinatapon ni Duryodhana ang magkakapatid na Pandava, kasama si Draupadi, ng 10 taong pamamalagi sa gubat. Isinumpa ni Yudistira na sa kanilang pagbabalik ay nakatakda ang dakilang giyera at dito ay tatalunin nila si Duryodhana. Sa kawalan ng pag-asa ay pumanaw ni Pandu.

IKALAWANG YUGTO

Nakalipas ang sampung taon at naghanda sila Yudistira para sa dakilang giyera. Bawat araw ay lumalakas ang bawat hukbo. Si Krishna ang nagsasanay sa magkakapatid na Pandava samantalang si Drona ang nagtuturo kay Duryodhana at Karna. Malaki ang pinagbago ng mga prinsiphe. Ninanais ni Duryodhana na talunin ang mga Pandava samantalang hangad ni Yudistira ang kapayapaan.

Sa unang sagupaan ay patas ang kanilang laban. Humiling ang bawat kampo ng isang malakas na sandata upang manalo.

Bago magpatuloy ang giyera ay siniwalat ni Kunti ang lihim na katauhan ni Karna. Nagmakaawa si Kunti na itigil ang giyera upang maligtas ang kanyang mga kapatid, ang mga Pandava. Nagdalawang-isip si Karna subalit di naglaon ay nangako siyang ititigil ang giyera.

Sinubukang pigilan ni Karna ang giyera subalit naniniwala sila Duryodhana at Yudistira na matatapos lamang ang giyera kapag natapos na ito. Sinubukang pigilan ni Krishna ang kanilang kahibangan sa pamamagitan ng pagbigkas ng *Bhagavad Gita* subalit hindi rin siya nagtagumpay.

Dahil sa mga mapanirang sandata na ginamit ng magkabilang puwersa ay namatay ang lahat. Sa paraiso ay bumalik sa pagkabata ang mga naglalabang prinsipe. Sa kanilang bagong mundo ay kanilang tinatanong kung ano ang saysay ng giyera (Dulaang UP 2014).

ANG LOOB NG ISANG PINUNO

Bagamat hango ang kuwento sa India ay kakikitaan ito ng mga pagkakahawig sa kulturang Pilipino. Isa na rito ay ang pagpapahalaga sa grupo o pagkakamag-anak o ang pagiging 'collectivistic' (Nolasco, 2005). Binibigyang-diin ng mga tauhan ang kanilang katapatan sa pamilya at angkan tulad ng sinabi Arjuna at Bhima.

ARJUNA Ang tunay na hari
 Tapat sa kapatid

BHIMA Ang tunay na hari
 At tapat sa angkan (Unang Yugto, Tagpo 3).

Maging ang tagumpay ng paglaban ay iniaalay para pamilya/kapatid.

ARJUNA Lukso ng dugo
 Kapangyarihang mapanukso...
 Para sa angkan
 Ako ang lalaban.

KARNA Lukso ng dugo
 Kapatirang bagong tagpo.
 Para sa kapatid kong bago,
 Ako ang mananalalo (Unang Yugto, Tagpo 5).

Bilang pagtatanggol ay ipinamalas din ni Duryodhana ang pagpapahalaga sa kanyang kaugnayan kay Karna.

DURYODHANA Karna, hinahamak ka nila.

Makinig kayo... ama, ina, poong Krishna... at mga pinsan ko... Kinikilala kong kapatid ang taong ito! At bilang aking kapatid, maaari siyang lumaban sa paligsahan para sa akin. Tulad ng paglaban ni Arjuna para sa mga kapatid na Yudistira at Bhima... (Unang Yugto, Tagpo 5)

Bukod sa pagpapahalaga sa katapatan at katungkulan sa pamilya at sa komunidad ay nabanggit ang *dharma* o ang daang sinusundan at katungkulan. Ito ang nagtatakda ng kapalaran ng bawat tauhan. Sa pagpapakilala ng bawat tauhan ay kaniyang binabanggit ang *dharmang* nakatakda sa kanya.

ARJUNA	Arjuna ang ngalan, Bunso ng Pandava. Ang aking dharma, Gamit ang pana, Manupil ng kaaway.
BHIMA	Ako naman si Bhima, matanda kay Arjuna, ang aking dharma maging matapat, maalam na katuwang ng angkan.
YUDISTIRA	Panganay na Pandava Ngalan ko'y Yudistira Ang dharma ko'y maghari Sa buong Kaurava.
DURYODHANA	Ako si Duryodhana Panganay si Dritarastra Siyang haring tunay ng Kaurava Dharma ko'y sumunod Sa yapak ng ama ko... (Unang Yugto, Tagpo 3)

Dahil na rin sa sinabi ni Hanuman kay Karna na ang una niyang makikilala ang magbibigay-daan sa kanyang *dharma*, pinahahalagahan ni Karna ang kanyang sumpa ng katapatan kay Duryodhana.

KARNA	Dharma ko ang maging tapat sa isang kaibigang... isang kaibigang pinili ako na maging kapatid.
-------	--

Sa isang eksenang kasama si Poong Krishna ay muling inilahad ni Karna ang katapatan kay Duryodhana.

- KARNA Tinutupad ko lang ang pangako ko sa aking kapatid.
- KRISHNA Kapatid? Hindi ka tumutulong sa iyong kapatid
- KARNA Lahat lahat po gagawin ko sa kanya.
- KRISHA kahit na hindi mo siya kadugo?
- KARNA Mas mahalaga pa sa dugo ang bumibigkis sa akin kay Duryodhana, higit pa sa kapatiran. Tinutupad ko lang ang pangako ko sa aking kapatid (Ikalawang Yugto, Tagpo 1)

Maging sa pagpili ng ipakakasal kay Prinsesa Draupadi ay nabanggit niya ang kanyang *dharma*.

- DRAUPADI Mga poon ko, ako naman ang pakinggan! Napatunayan na nila ang kanilang mga galing. Patas ang naging labanan, malinaw sa lahat. Ngayon, pagbigyan ninyo ang aking hiling. Ako ay isang dalaga... at prinsesang kasingbughaw ang dugo sa inyo. Karapatan ko ngayon ang mamili kung kanino ako ipapangako. Kay Yudistira at sa angkan ng Pandava. Ito ang aking dharma, isinisigaw ng aking puso! (Unang Yugto, Tagpo 5)

Sina Yudistira, Bhima, Arjuna, Duryodhana at Karna ang limang prinsipe sa kaharian ng Kaurava at mga pangunahing tauhan ng dula. Ano ang nasa *loob* ng limang prinsipe? Ano ang kanilang intensyon bilang pinuno ng kaharian?

Ang katauhan ng isang indibidwal ay base sa kanyang pisikal na kaanyuan (labas) at *internal traits* (*loob*). Ang *loob* ng indibidwal ay ang pamamahala ng kanyang sarili sa sitwasyong sosyal (Baquiano at Lopez 2011). Maihahalintulad ang loob sa *inner core* o ang pag-iisa ng sarili at ng iba (Sta. Maria 1999; Sta. Maria at Largoza na nasa Baquiano at Lopez 2011)

Ayon din kay Bulatao *et al.* (na nasa Baquiano at Lopez 2011) may apat na dimensyon ng *loob*:

- “Kaaya-aya ang loob (pleasant)—maganda, maliwanag, maaliwalas, magaan ang loob
 Mapagtotoo ang loob (true)—hindi mapagkunwari, tapat, matuwid ang loob
 Malakas ang loob (strong)—matapang, matatag, malakas, matigas ang loob
 Malambot ang loob (soft)—maluwang ang loob”

Kaaya-aya ang loob

Noong hindi pa batid ni Karna ang kanyang pinagmulan ay pinamalas niya ang *Kaaya-aya ang loob* . Bagamat nag-iisa at hindi batid ang pinagmulan, nagpakita siya ng katatagan ng loob at tiwala sa sarili.

KARNA Susundin ko ang daang
 Hinanda para sa akin.
 Tatapangan ang loob,
 Puso'y patatahimikin.
 Narito ako, dharma...
 Halina't ako'y yakapin.
 Ikaw ang ina...
 Ikaw ang ama...
 Ikaw ang mga kapatid...
 Na 'di ko nakilala (Unang Yugto, Tagpo 3).

Mapagtotoo ang loob

Nasambit din nila Yudistira at Duryodhana ang kanilang paninindigan bilang pinuno na nagpapakita ng mapagtotoong loob –tapat at matuwid ang loob.

YUDISTIRA Ang tunay na hari
 'di nakakalimot ng utang!

DURYODHANA Ang tunay na hari
 Ipaglalaban ang karapatan! (Unang Yugto, Tagpo 3)

Sa unang pagtatagpo naman nina Karna at Duryodhana, kung saan saglit silang naglaban at natalo ni Karna si Duryodhana, humanga si Duryodhana sa inasal ni Karna sa pagpapakita nito ng kanyang mapagtotoong loob.

DURYODHANA Magaling na mandirigma... at magalang pa. Alam kong magiging magkaibigan tayo... Sumunod ka sa akin... halika... huli na tayo (Unang Yugto, Tagpo 4).

Malakas na loob

Bilang guro ng mga batang prinsipe sa pagpana, sa pag-espada, sa pangangabayo ay itinuro ni Drona ang lahat ng gawain ng isang tunay na mandirigma kung kaya't kakikitaan ang mga prinsipe ng malakas ang loob—matapang, matatag, malakas, matigas ang loob

DRONA Ang tunay na hari
 Ay mandirigmang matapang! (Unang Yugto, Tagpo 3)

Sa eksena ng pag-eensayo sa laban ay ipinamalas din ni Duryodhana ang kanyang katapangan subalit ipinaalala ni Drona na huwag padadala sa kanyang damdamin.

DRONA Tama na, Duryodhana! Ensayo lang ito.

DURYODHANA Patawad, Karna... nadala lang ako.

DRONA Ganyan talaga. Huwag na huwag lang padadala sa iyong mga damdaamin. Ang tunay na mandirigma, marunong maghintay ng tama at sapat na pagkakataon (Ikalawang Yugto, Tagpo 1).

Malambot ang loob

Bagamat may angking katapangan ang mga prinsipe ay may bahagi pa rin sa kanilang *malambot ang loob*. Ipinayo ni Karna kay Duryodhana na magpakita ng awa sa pagkatalo ng kaniyang mga pinsan sa laro ng pustahan. Hindi kahinaan ang pagkakaroon ng *malambot na loob* kundi pagpapakita ng pagpapakatao.

KARNA Huwag kang malasing sa iyong kapangyarihan. Magpakita ka ng awa. Talong-talo na ang lahat ng Pandava. Ipakita mo na ikaw ay kakaibang hari.

...Handa ka bang makipaglaban kay poong Krishna na nanghimasok na upang matigil na ang iyong kabaliwan? At dapat manaig ang iyong pagkatao. Paalisin sila. Ipatapon sa gubat. Doon sila ng ilang taon... At pagkatapos noon, pabalikin sila. Makakalimutan na ang lahat, at ikaw pa rin ang mananatiling hari. Magpakatao ka, Duryodhana.

DURYODHANA Sasabihin ng lahat na mahina ako...

KARNA Nagpakita ka ng awa... Pinakita mo na tao ka na may pusong nahahabag. At maski sa iyong pagkapanalo, nangingibabaw pa rin ang pagkatao mo! (Unang Yugto, Tagpo 6)

Ang pagbabago ng *loob* ng mga prinsipe

Sa pagsapit ng giyera ay kapansin-pansin ang pagbabago ng *loob* ng mga prinsipe partikular na sina Yudistira at Duryodhana. Ang pagbabagong ito ay dala na rin ng kanilang paniniwala sa kung ano ang makapaghahatid ng kapayapaan.

Niniais ng inang sina Kunti at Ghandari na pigilan ang giyera subalit mahirap ito dahil puro sila mga anak ng diyos.

KUNTI Wala akong magagawa... Ang dugo ng mga diyos ang nananalaytay sa kanilang mga ugat! Kapag naisipan nila ang isang bagay, hindi mo na sila mapipigilan hangga't nakamit nila ito...

GHANDARI Nakakalimutan mo yata na si Duryodhana rin ay ibinigay ng mga Diyos... Pare-pareho silang magpipinsan. Mapusok, mainit ang dugo. Natatakot ako sa mangyayari (Ikalawang Yugto, Tagpo 1).

Naobserbahan ni Krishna ang pinagbago ni Yudistira.

KRISHNA Ito si Yudistira, ang dating mapusok at mayabang. Ngayon, binago na siya ng kaniyang karanasan. Narito siya at kaniyang sinusumpa...

YUDISTIRA Kapayapaan lang ang aking tunay na sadya.
... Hindi na ako ang dating prinsipeng kilala niyo.
Ang tangi ko lang gusto ay matapos na itong giyera.
Kapayapaan... oo, yun ang nais ko (Ikalawang Yugto, Tagpo 3).

Ibinahagi rin Karna kay Hanuman ang naobserbahan niyang pagbabago ni Duryodhana.

KARNA Ang sabi mo rin dati, kung sino ang unang naging mabait sa akin ang siyang kaibigang magpapatupad sa aking dharma... Nagbago na si Duryodhana. Hindi na siya ang binatang dating kilala... Ngunit kailangan kong maging tapat sa kaniya (Ikalawang Yugto, Tagpo 3).

Lumabas din ang *totoong loob* ni Duryodhana nang hilingin niya kay Karnang kunin ang mahiwagang armas upang matapos na ang labanan.

KARNA Malaki na ang pinagbago mo, Duryodhana.

DURYODHANA Ang nais ko ay durugin ang mga Pandava.
Saka lang mapapayapa ang puso ko!

KARNA Kapayapaan... sa pamamagitan ng mahiwagang armas?

DURYODHANA Yun lang ang paraan para maghari nang payapa
(Ikalawang Yugto, Tagpo 2).

Samantalang may pagdududa pa rin si Yudistira kung dapat nga bang ituloy ang giyera.

KRISHNA Sa init ng labanan, huwag na huwag kang bibitiw! Nakikita ko sa mga mata mo kanina, iba ang iniisip mo. Para kang nawawalan ng gana... Naramdaman mo rin?

YUDISTIRA Opo...

KRISHNA Kung ganyan ang magiging asta mo, papanig na lang ako kay Duryodhana! Ano ang nangyari sa iyo?

YUDISTIRA Naisip ko... Bakit ba natin ginagawa ito?
(Ikalawang Yugto, Tagpo 1)

Sino nga ba ang iniisip ng dalawang prinsipeng sa kanilang pagsabak sa giyera? Ang galit ni Duryodhana ay dahil sa pagkatalo niya sa kamay ni Draupadi at pagkapahiya sa buong korte. Samantalang si Yudistira naman ay may pagdududa sa giyera dahil sa maaring idulot nito sa kanilang kaharian. Dahil sa *dharma* at itinakda ng mga diyos ay natuloy ang giyera at humantong sa pagkawasak ng sangkatauhan. Subalit dala ng pagkawasak na ito ang pagsibol ng isang bagong mundo na ayon kay Vyasa ay

Walang ganid, walang pag-aangkin. Puno lamang ng pag-asa... Payapa at walang hanggang pag-asa... Tama si Krishna. Ang lahat ng nangyari ay may ikabubuti (Ikalawang Yugto, Tagpo 7).

Kapansin-pansin na ang *loob* ay nagbabago sa pagdaan ng panahon dahil na rin sa mga karanasang pinagdaraan ng isang indibidwal. Mahalagang sa pagbabago ng *loob* ay isinasaalang-alang ng pinuno di lamang ang sarili kundi maging ang kanyang kapwa. Maaring tingnan ang panghihina o pagbabagong *loob* bilang kahinaan subalit sa pinunong may paninindigan ay pagpapakita ito ng kalakasan.

Sanggunian

Baquiano, M.J. at G.D. Lopez (2011). Dimensions of *loob*: Can politicians be used as exemplars. *Philippine Journal of Psychology*, 44 (2), 181-204.

DULAANG UP. (2014). *Ang Nawalang Kapatid*. Souvenir Program.

Nolasco, J.M. (2005). Individualism-collectivism, attributions, and leadership styles of Asian and Western managers. *Philippine Journal of Psychology*, 38 (2), 50-74.

Quintos, F. (2014). *Ang Nawalang Kapatid*. Di-nalathalang playscript.

Sta. Maria, M. (1999). Filipinos' representations for the self. *Philippine Journal of Psychology*, 32 (2), 53-88.